Volume 4 Issue 1
Jan - Mar 2024

# THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)

## SCPC at SLPGC, nagsagawa ng coastal clean-up activity

Pahina 6



### 21 Calacazens at Balayenos, nagtapos sa Plumbing NCI Skills Training

Pahina 5

### SCPC at SLPGC, nakilahok sa TESDA Batangas LINGAP EH!

Pahina 5

### Pasasalamat sa SCPC, SLPGC para sa bagong water tank ng Baclaran Elementary School

Pahina 4



**Charlie V. Robles**
Vice President and
Power Complex Manager

Sa pagsisimula ng taong 2024, ikinagagalak kong ipakilala ang bagong mukha ng "The Current", ang pampamayanang pahayagan ng Sem-Calaca Power Corporation at Southwest Luzon Power Generation Corporation.

Hatid namin ang isang mas simple at kaaya-ayang tsanel ng komunikasyon tungkol sa mga programa at mga aktibidad ng kumpanya para sa ating host communities sa Lungsod ng Calaca at Bayan ng Balayan.

Kasabay ng responsableng power generation, layunin namin ang mas maigting na pakiki-pag-ugnayan sa aming mga stakeholders sa pagpatupad ng mga programa tungo sa pang-matagalang pag-unlad ng mga miyembro ng komunidad.

Asahan po ninyo na ang SCPC at SLPGC ay patuloy na maghahatid ng maasahang supply ng kuryente at serbisyo para sa ikauunlad ng ating host communities.

Taos-puso ang aking pagkilala sa inyong walang sawang tiwala at suporta. Maraming salamat.



**Noel N. Salamat**
Plant Manager,
Southwest Luzon Power
Generation Corporation

Ang kuryente mula sa aming planta ay nagdadala ng liwanag sa mga tahanan, nagbibigay buhay sa mga negosyo, at tumutulong sa pag-unlad ng ating ekonomiya.

Patuloy ang aming pagsusumikap na mapataas ang kalidad ng aming serbisyo hindi lamang sa pag-supply ng kuryente kundi pati na rin sa pag-papatupad ng mga proyekto para maiangat ang antas ng kabuhayan ng ating host communities.

Ang bagong anyo ng "The Current" ay naglala-man ng mahahalagang anunsyo at impormasyon tungkol sa aming mga proyektong pangkabu-hayan, kapaligiran, edukasyon, kaligtasan, at kalusugan para sa komunidad.

Hinihikayat ko po kayong basahin ito at ibahagi ang inyong mga opinyon at suhestiyon sa pama-magitan ng ating mga communication channels. Ang inyong komento ay makakatulong upang mapabuti pa namin ang aming serbisyo.

Nawa'y patuloy nating isabuhay ang pagba-bayanihan at pagkakaisa. Maraming salamat po sa inyong patuloy na suporta!

THE CURRENT

**Editorial Adviser:** Charlie V. Robles
**Editor in Chief:** Portia M. Vizconde
**Managing Editor:** Ellaine R. Macayan
Fiona B. Lota
**Associate Editor:** Vincent M. Humarang
**Editorial Assistant:** Katlyn P. Rosales
**Layout & Design:** Fiona B. Lota
Jan Carlo P. De La Peña

Republic of the Philippines Department of Energy
Semirara Mining & Power Corporation
Sem-Calaca Power Corporation
Southwest Luzon Power Generation Corporation

## MGA NILALAMAN

02 Mga Mensahe

03 SCPC, SLPGC nagsagawa ng bloodletting drive
TUPAD PANGARAP: Pakilala sa mga bagong iskolar

04 Pasasalamat sa SCPC, SLPGC para sa bagong water tank ng Baclaran Elementary School
Pagtuklas sa mundo ng enerhiya: Plant Tour Activity sa SCPC at SLPGC, idinaos

05 SCPC at SLPGC, nakilahok sa TESDA Batangas LINGAP EH!
21 Calacazens at Balayenos, nagtapos sa Plumbing NCI Skills Training

06 Plumbing Tool-kits, ipinamahagi ng SCPC, SLPGC at House of Representatives
SCPC at SLPGC, nagsagawa ng coastal clean-up activity

07 "NASa Imis Ganda" nilahukan ng SCPC at SLPGC
Trivia Quiz



# SCPC, SLPGC nagsagawa ng bloodletting drive

Ang SCPC and SLPGC, sa pakikipag-ugnayan sa Philippine Red Cross, Batangas Chapter - Nasugbu Branch, ay nagsagawa ng Voluntary Blood Donation Activity noong ika-29 ng Pebrero, 2024.

Tagumpay na nakalikom ang donation drive ng 87 blood bags mula sa 93 empleyado at contractors na nag-donate, na siya namang makakatulong makapagligtas ng buhay at maghahatid ng pag-asa sa komunidad.

**87** Blood bags

**93** Blood donors





EDUKASYON





# TUPAD NG PANGARAP: Pagkilala sa mga bagong iskolar

Matapos makapasa sa masusing pagsusuri, labing apat (14) na aspiring engineers ang nagkamit ng Certificate of Academic Scholarship mula sa SCPC at SLPGC noong ika-9 ng Enero, taong 2024.

Simula 2010, 99 na iskolar na ang nasuportahan ng SCPC at SLPGC. Layunin ng programang ito na matustusan ang pangangailangang pinansyal sa pag-aaral at maiangat ang estado ng pamumuhay ng mga kabataan sa komunidad.



The Current NEW DESIGN - Q1 2024 - Volume 4, Issue 1.indd 2-3
7/22/2024 4:07:53 PM

# Pasasalamat sa SCPC, SLPGC para sa bagong water tank ng Baclaran Elementary School

Noong ika-19 ng Pebrero, 2024 , isang Thanksgiving Ceremony ang inorganisa ng Baclaran Elementary School at “Lapis Mo, Kinabukasan Ko,” isang non-government organization na naglalayong matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng komportableng paaralan, bilang pagkilala at pasasalamat sa SCPC at SLPGC na nagbigay ng tangke ng tubig sa nasabing paaralan.

Ipinaabot ni Dr. Larry S. Macatangay, Presidente at Founder ng “Lapis Mo, Kinabukasan Ko” ang taos-pusong pasasalamat sa buong pamunuan ng SCPC at SLPGC. Dahil sa pagtugon ng mga nabanggit na kumpanya, mabilis na napalitan ang nasirang tangke at nagkaroon muli ng malinis at ligtas na mapagkukunan ng tubig ang mga mag-aaral.





KOMUNIDAD



# Pagtuklas sa mundo ng enerhiya: Plant Tour Activity sa SCPC at SLPGC, idinaos

Isang plant tour ang inorganisa ng SCPC at SLPGC upang itaas ang kamalayan ng komunidad tungkol sa power generation.

Ang labing-apat (14) na mga bagong iskolar ng SCPC at SLPGC ay nakibahagi sa aktibidad noong ika-9 ng Enero, habang ang walumput-dalawang (82) mag-aaral mula sa Integrated Institute of Electrical Engineers, Bataan Peninsula State University Chapter ay nakilahok naman noong ika-14 at ika-15 ng Marso, 2024.






# SCPC at SLPGC, nakilahok sa TESDA Batangas LINGAP EH!

Upang mapaigting ang pagsasagawa ng mga libreng skills training programs para sa mga impact barangays, nakiisa ang SCPC at SLPGC sa TESDA Batangas sa ginanap na “LINGAP EH! with Stakeholders”, isang maramihang paglagda ng Memorandum of Agreement noong ika-22 ng Marso, 2024.

Kabilang ang SCPC at SLPGC sa 44 na bagong partners na binubuo ng National Government Agencies (NGAs), Local Government Units (LGUs), Private Enterprises, Non-Government Organizations (NGOs), at iba pang mga asosasyon.

Ang programa ay naglalayong ipakita ang pagkakaisa at pagtutulungan, na nagsilbi ring plataporma upang kilalanin ang pagsisikap ng lahat ng partidong kaakibat sa pagtataguyod ng teknikal na edukasyon at pag-unlad ng kasanayan sa lalawigan ng Batangas.

# 21 Calacazens at Balayenos, nagtapos sa Plumbing NCI Skills Training



Noong Marso 1, 2024, matagumpay na nagtapos ang 21 na indibidwal mula Calaca at Balayan, Batangas matapos sumailalim sa Plumbing National Certificate (NC) 1 Skills Training Program na inilunsad ng SCPC, SLPGC, TESDA RTC-CALABARZON, at Batangas First District House of Representatives.

Ang mga kalahok ay dumaan sa 576-hour training na nagsimula noong Disyembre 21, 2023. Lahat ng nakapasa sa pagsusuri ay nakatanggap ng National Certificate na maaring magamit sa paghahanap ng mas mainam na trabaho at kabuhayan.

Kasabay ng pagtatapos ay nilagdaan din ang Memorandum of Agreement sa pagitan ng SCPC, SLPGC at TESDA RTC-CALABARZON para sa patuloy na pagtutulungan sa pagpapatupad ng mga skills training programs para sa komunidad.





The Current NEW DESIGN - Q1 2024 - Volume 4, Issue 1.indd 4-5
7/22/2024 4:07:55 PM

# Plumbing Toolkits, ipinamahagi ng SCPC, SLPGC at House of Representatives



Katuwang ang House of Representatives-First District of Batangas at TESDA RTC Batangas, namahagi ang SCPC at SLPGC ng plumbing toolkits sa mga nagtapos bilang Certified Plumbers noong Marso 23, 2024.

Ang donation ceremony ay pinangunahan nina Charlie V. Robles, Vice President at Power Complex Manager ng SCPC at SLPGC, at Cong. Eric Buhain, sponsor ng skills training program.

"Nawa'y huwag nyong sayangin ang oportunidad na naibigay sa inyo. Bagkus ay inyo itong mas pagtibayin at pagyamanin," pahayag ni Dorie U. Gutierrez, Provincial Director ng TESDA RTC Batangas.

KAPALIGIRAN

## SCPC at SLPGC, nagsagawa ng coastal clean-up activity

Nakalikom ng 105kg na residual waste at 23kg na recyclables ang coastal clean-up na isinagawa ng SCPC at SLPGC sa baybayin ng Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas noong Marso 6, 2024.

Ito ay nilahukan ng 47 indibidwal mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan at organisasyon, kabilang ang Pamahalaang Bayan ng Balayan, Philippine Coast Guard, Bantay-Dagat, Sangguniang Barangay ng Carenahan, at mga residente.

Layunin ng aktibidad na itaas ang kamalayan sa pangangalaga ng karagatan at hikayatin ang mga mamamayan na huwag magtapon ng basura sa baybayin. Isinasagawa ito apat na beses sa isang taon ng Environmental Section ng SCPC at SLPGC upang mapanatili ng kalinisan ng marine sanctuary sa barangay.








## "NASa Imis Ganda" nilahukan ng SCPC at SLPGC

Ang SCPC at SLPGC ay nakibahagi sa paglulunsad ng "NASa Imis Ganda! A Character City Clean and Green Program", noong ika-9 ng Marso, 2024 bilang pagsuporta sa mga programang pangkalinisan at pangkalikasan ng City Environmental and Natural Resources Office ng Pamahalaang Lungsod ng Calaca.

Ang nasabing proyekto ay nagsusulong ng Republic Act 9003 (Ecological Solid Waste Management Act of 2000), kasabay ang Character City Program na naglalayong i-promote ang labindalawang (12) mahahalagang katangian ng bawat Calacazen.

"Ang City of Calaca ay nagiging industrialized na syudad, ngunit katulong natin ang mga locators para panatilihing ligtas at malinis ang ating kapaligiran. Pagtutulung-tulungan natin ito.", pahayag ni Mayor Nas Ona Jr.




**1. Ang parent company ng SCPC at SLPGC ay:**
A. Semirara Mining and Power Corporation
B. DMCI Construction
C. Semirara Mining and Construction
D. DMCI Mining and Power Corporation

**2. Ang buong pangalan ng kumpanyang SCPC ay:**
A. South Calaca Power Corporation
B. Sem-Calaca Power Corporation
C. Sem-Calamba Power Corporation
D. Southwest Calaca Power Corporation

**3. Ano ang pangunahing kailangan ng power plant upang makapag-generate ng kuryente?**
A. lupa
B. kahoy
C. coal
D. tubig

**4. Saang lugar sa Pilipinas matatagpuan ang sariling minahan ng SMPC?**
A. Caluya, Antique
B. Balayan, Batangas
C. Calaca, Batangas
D. Makati City

**5. Ilan ang rated capacity ng dalawang units ng SCPC?**
A. 2 x 1,000 MW
B. 2 x 300 MW
C. 2 x 500 MW
D. 2 x 600 MW

Mga sagot:
1. A 2. B 3. C 4. A 5. B



The Current NEW DESIGN - Q1 2024 - Volume 4, Issue 1.indd 6-7 7/22/2024 4:07:55 PM

# MMT RESULTS

We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.

## Plant Effluents

*The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.*

| | pH | B (Boron) | COD | Oil & Grease | Phosphate | TSS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| SCPC | 7.5 | 4.6 | 137 | <1.0 | <0.02 | 3 |
| SLPGC | 7.5 | 4.77 | 161 | <1.0 | <0.01 | 7 |
| DENR Standards | 6.5-8.5 | 25 | 200 | 10 | 4 | 100 |

## Ambient Air Quality

*Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.*

| | TSP | $PM_{10}$ | $NO_2$ | $SO_2$ | $PM_{2.5}$ |
|---|---|---|---|---|---|
| UPWIND STATION, Brgy. Timbain, Calaca, Batangas | 30 | 13 | 1 | <7 | 0 |
| DOWNWIND STATION, Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas | 32 | 28 | 4 | 3 | 8 |
| DENR Standards | 300 | 200 | 260 | 340 | 35 |

## Ambient Noise Quality

*The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.*

***Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)***

| | Morning | Daytime | Evening | Nightime |
|---|---|---|---|---|
| In front of South Bay Terminal | 52 | 55 | 55 | 47 |
| Ouside Gate 1 | 52 | 59 | 54 | 49 |
| Intersection going to SLPGC | 52 | 62 | 56 | 49 |
| Dacanlao Highway | 51 | 59 | 56 | 52 |
| In front of M. Secreto's house | 51 | 60 | 56 | 52 |
| In front of A. Valencia's house | 50 | 58 | 56 | 50 |
| Water intake before Dacanlao Bridge | 51 | 58 | 54 | 47 |
| In front of SLPGC Water Intake | 51 | 56 | 56 | 49 |
| DENR Standards | 70 | 75 | 70 | 65 |

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com
communityrelations.cpc2021@gmail.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
www.semiraramining.com
youtube.com/@semirarampc

SEM-CALACA POWER CORPORATION
SOUTHWEST LUZON Power Generation Corporation